



PAHAYAG SA MEDIA

PARA SA AGARANG PAGPAPAHAYAG Hulyo 13, 2022

MAKIPAG-UGNAYAN KAY: Erin DeMerritt, 415.517.4147 o sa edemerritt@baaqmd.gov

Lupon para sa Pagdinig ng Distrito ng Hangin, inaatasan ang Green Sage Management, mga may-ari ng property, at dalawang cultivator ng cannabis na ipasara kaagad ang mga generator ng diesel sa mga pasilidad para sa cannabis sa Oakland

SAN FRANCISCO – Inanunsyo ng Distrito ng Pamamahala sa Kalidad ng Hangin ng Bay Area sa araw na ito na pinayagan ng hiwalay na Lupon para sa Pagdinig ng ahensya ang isang kautusan sa abatement para maipasara kaagad ang siyam na generator ng diesel sa mga pasilidad para sa cannabis ng Green Sage sa East Oakland, na magkakabisa kaagad. Nalalapat ang kautusang ito sa Green Sage Management, mga may-ari ng property, at dalawang cultivator ng cannabis na lisensyado ng estado na nasa complex.

Binigyan ng Distrito ng Hangin ng Abiso sa Paglabag ang Green Sage noong Pebrero 16, 2022, para sa pagpapatakbo nang walang permit. Nilayon ng Distrito ng Hangin na ipasara ang mga generator ng diesel ng Green Sage para sa tuluy-tuloy na paglabag sa kanilang mga pasilidad sa Oakland Tinnery at Oakland Cannery.

“Nagpasya ang Distrito ng Hangin na ihinto ang mga walang permit at mapaminsalang emisyon ng diesel mula sa mga generator ng Green Sage sa isang komunidad na lubos nang naapektuhan ng polusyon sa hangin,” sabi ni Veronica Eady, ang senior deputy na tagapagpaganap na opisyal sa patakaran at pagkakapantay-pantay sa Distrito ng Hangin. “Nararapat lang na masiguro sa publiko na papapanagutin ang mga pasilidad para sa mga paglabag sa kalidad ng hangin, at ang kautusang ito sa abatement ay mainam para sa pampublikong kalusugan at lokal na komunidad.”

Sa pamamagitan ng mga kautusan sa abatement at kasong idinudulog sa Lupon para sa Pagdinig, nabibigyang-daan ang transparency, dahil nailalahad ang mga detalye at ebidensya sa isang open forum habang binibigyan ng pagkakataon ang publiko na magkomento. Puwedeng mag-sign up ang publiko para sa mga update sa Lupon para sa Pagdinig sa <https://www.baaqmd.gov/contact-us/sign-up-for-information>.

Ang [Distrito ng Pamamahala sa Kalidad ng Hangin ng Bay Area](#) ay ang panrehiyong ahensya na responsable para sa pangangalaga ng kalidad ng hangin sa Bay Area na may siyam na county. Makipag-ugnayan sa Distrito ng Hangin sa pamamagitan ng [Twitter](#), [Facebook](#), at [YouTube](#).

###